Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2026-59

Date of Session : March 23, 2026

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PRILIMINARYU APPROVAL AND LOCATIONAL CLEARANCE (PALC) PARA SA PROYEKTO NA BEVERLY HOMES-PRENZA PAHASE 6 AND 6B NA PAG-AARI NG NEW HALL REALTY GROUP CORPORATION NA MAY MGA TITULO BLG. 040-2025020948, 040-2025020949, 040-2025020950, 040-2025020951, 040-*2025026304 NA MAY KABUUANG SUKAT NA LIMAMPU'T WALONG LIBO DALAWANG DAAN WALUMPU'T DALAWANG (58,282) METRO KUWADRADO NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PRENZA II, MARILAO, BULACAN.

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office		4/15/26
2	EA Ofc.		04/15/26
3	MPDO		4-15-26 1:22 p-
4	Beverly Homes Corporation		
5			
6			
7			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG MARSO 23, 2026

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante

EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

HINDI NAKADALO:

Kgg. Mary Del Jasa-Aquino (*Maternity Leave*)

KAPASIYAHAN BLG. 2026 – 59

Sa pagtataguyod ni:
Kgg. Ariel P. Amador

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PRELIMINARY APPROVAL AND LOCATIONAL CLEARANCE (PALC) PARA SA PROYEKTO NA BEVERLY HOMES-PRENZA PHASE 6A AND 6B NA PAG-AARI NG NEW HALL REALTY GROUP CORPORATION NA MAY MGA TITULO BLG. 040-2025020948, 040-2025020949, 040-2025020950, 040-2025020951, 040-2025026304 NA MAY KABUUANG SUKAT NA LIMAMPU'T WALONG LIBO DALAWANG DAAN WALUMPU'T DALAWANG (58,282) METRO KUWADRADO NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PRENZA II, MARILAO, BULACAN.

SAPAGKAT, ang **New Hall Realty Group Corporation**., sa pamamagitan ng kanilang President Alendry S. Ng ay nagbigay ng aplikasyon sa Sangguniang Bayan upang mapagkalooban ng Preliminary Approval and Locational Clearance (PALC) para sa proyekto na **Beverly Homes-Prenza Phase 6A at 6B** na may mga Titulo Blg. **040-2025020948, 040-2025020949, 040-2025020950, 040-2025020951, 040-2025026304** na pag-aari ng Red Oak Properties Inc., na may kabuuang sukat na **Limampu't Walong Libo Dalawang Daan Walumpu't Dalawang** (58,282) Metro Kuwadrado na matatagpuan sa Barangay Prenza II Marilao, Bulacan;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksiyon 447 (2) (x) ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na isa sa mga kapangyarihan, tungkulin at gawain ng Sangguniang Bayan na: "Sa ilalim ng batas pambansa, ay magproseso at magpatibay ng mga plano ng subdibisyon para sa layuning pangtirahan, pangkalakalan o pang-industriya at iba pang mga layuning pangkaunlaran at mangolekta ng kaukulang butaw at iba pang mga singilin para sa pagpoproseso na ang halagang malilikom ay buong tutungo sa bayan";

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2026 – 59

SAPAGKAT, ang **New Hall Realty Group Corporation**, ay nagsumite ng mga dokumento upang ang kanilang aplikasyon para sa Preliminary Approval and Locational Clearance (PALC) ng land development ng nasabing mga parsela ng lupa ay mapagtibay ng Sangguniang Bayan;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano na pinangalawahan ni Kgg. Juanito H. Santiago at sinang-ayunan ng lahat ng Kasangguning dumalo

IPINASIYA, gaya ng ngayo'y ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Preliminary Approval and Locational Clearance (PALC) para sa proyekto na sa proyekto na **Beverly Homes-Prenza Phase 6A at 6B** na may mga Titulo Blg. **040-2025020948, 040-2025020949, 040-2025020950, 040-2025020951, 040-2025026304** na pag-aari ng Red Oak Properties Inc., na may kabuuang sukat na **Limampu't Walong Libo Dalawang Daan Walumpu't Dalawang** (58,282) Metro Kuwadrado na matatagpuan sa Barangay Prenza II Marilao, Bulacan;

IPINASIYA RIN, na ang nagpapaunlad o nagdedebelop ay inaatasang isama sa plano ng pagpapaunlad (Development Plan) ang mga sumusunod na alituntunin:

1) Pagbibigay ng right of way sa mga naninirahan at residente sa gilid o tabi ng establisyimento.
2) Maglagay ng mga daanan o kalsada na magdudugtong sa mga katabing establisyimento.
3) Pagsasaayos ng creek na dadaluyan ng drainage system.
4) Pagtatanim ng mga punong kahoy at halaman sa mga daan at pang-serbisyong daan ng establisyimento ayon na rin sa programang pangkalinisan at pagtatanim ng Pamahalaang Nasyonal.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-23 ng Marso, taong 2026.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY: 04-13-2026

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo